# Bakit naiiba ang mga patakaran sa Canada kumpara sa mga patakaran sa ating bansa?

*May 2022*

Ang mga patakaran sa COVID-19 sa Canada ay paminsan-minsan naiiba sa mga patakaran sa ibang mga bansa. Hindi nito ibig sabihin na hindi gaanong naiintindihan ang COVID-19; ang ibig sabihin nito'y maaaring naiiba ang mga pagtugon ng mga lipunan.

**Nagkakaroon ng mga magkakaibang pagtugon para sa maraming iba't-ibang mga komplikadong dahilan,** tulad ng:

- **Uri ng healthcare at social security systems:** Libre at available ba ang health care para sa lahat, o kailangan bang magbayad ang mga tao para dito? Tumatanggap ba ng compensation ang mga tao para sa nawalang kita, o napupuwersa ba silang magtrabaho kahit na may mga panganib sa kalusugan?
- **Ilang mga tao ang nabakunahan:** Nabakunahan ba ang karamihan ng mga tao o hindi? Mayroon bang sapat na bilang ng vaccines na available? Gaano kadali makaka-access ang mga tao sa vaccines?
- **Paano isinasagawa ang mga malalaking politikal at medikal na desisyon:** Transparent ba ang proseso? Nagbibigay ba ng payô sa pamahalaan ang mga scientist at mga doktor? Mananagot ba ang pamahalaan sa isang Parliament? Kasangkot ba ang opposition parties?
- **Ano ang mga palagay at mga priyoridad ng iba't-iba ng mga lipunan:** Sila ba'y mas collective, o indibidwal? Binibigyan ba nila ng priyoridad ang pagpasok sa trabaho, pagbukas ng mga paaralan, pagpapanatiling mababa ang mga hospitalization, o iba pang mga bagay?

Ito ang ilan lamang sa mga dahilan kung bakit maaaring iba-iba ang mga patakaran sa Canada. Paminsan-minsan, maaaring balewalain ng mga pamahalaan o mga pribadong sektor ang kalubhaan ng COVID-19 dahil sa politika o pananalapi, sa ikapipinsala ng medisinang batay sa ebidensiya.

Ang iba't-ibang mga patakaran ay hindi nangangahulugang naiiba ang COVID-19 sa iba't-ibang mga bansa. Bagama't may variants, pero pa rin ang sakit at nakakatulong ang pagbabakuna na protektahan ang mga tao laban sa mga malubhang sintomas at kamatayan.

This content is not intended to be a substitute for professional advice or care. Always seek the services of a medical professional or other qualified health provider for questions you may have.

*Financial contribution from*
*Avec le financement de*

Public Health Agency of Canada
Agence de la santé publique du Canada

Metropolis
Social Determinants of Health

Verified by MedComm - an Outreach Club of the McGill Medical Students' Society.

Mayroon ka pa bang mga tanong? Normal lang iyan. Makakuha ng karagdagang impormasyon sa iyong local health clinic, local hospital, o kaya'y bisitahin ang Q&A page ng World Health Organization dito: https://bit.ly/3KXDyDz.